

COMMONSPIRIT HEALTH PATAKARAN SA PAMAMAHALA

Paksa: Mga Paniningil at Pagkolekta

PETSA NA MAGKAKABISA:
Hulyo 1, 2021

NUMERO NG POLISIYA: Pananalapi G-004

**ORIHINAL NA PETSA NA
MAGKAKABISABISA:**
Hulyo 1, 2021

POLISIYA

Ang layunin ng Patakarang ito ay para magbigay ng malinaw at pare-parehong mga patnubay para sa pagsasagawa ng mga paniningil, mga pagkolekta, at pag-andar ng pagbawi sa isang paraan na nagtataguyod ng pagsunod sa Internal Revenue Code, (IRC) Seksiyon 501(r) at naaangkop na pagkolekta ng mga batas at regulasyon, kasiyahan ng pasyente, at kahusayan. Binabalangkas ng Patakarang ito ang mga pangyayari na kung saan ang Mga Pasilidad ng Ospital ay magsasagawa ng mga pagkolekta ng mga pagkilos sa mga delingkwenteng account ng pasyente na nauugnay sa pagkakaloob ng Pang-emergency na Pangangalagang Medikal at Kinakailangang Medikal na Pangangalaga (na tinukoy dito bilang EMCare) at kinikilala ang Mga Pinapayagan na Mga Aktibidad sa Pagkolekta. Inilalarawan ng Patakarang ito ang mga pagkilos na maaaring gawin ng isang Pasilidad ng Ospital para makakuha ng pagbabayad ng isang bayarin para sa EMCare kung sakaling may hindi pagbabayad, kasama, ngunit hindi limitado sa, anumang pinapahintulatang pagkilos sa pagkolekta.

SAKLAW

Ang Patakarang na ito ay nalalapat sa CommonSpirit Health at bawat isa sa mga walang bayad sa buwis na Direktang Kasosyo¹ at mga walang bayad sa buwis na Subsidiary² na nagpapatakbo ng isang Pasilidad ng Ospital (indibidwal na tinukoy bilang isang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit at sama-sama bilang Mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit). Patakarang ng CommonSpirit na sundin ang pinakamataas na pamantayan ng etika at integridad sa kanilang pag-uugali ng pagkolekta at mga aktibidad sa pagbawi at sundin ang mga protokol para sa patas na pagtrato sa lahat ng pasyente ng Organisasyon sa Ospital ng CommonSpirit sa bawat Pasilidad ng Ospital.

¹ Ang isang Direktang Kasosyo ay anumang korporasyon kung saan ang CommonSpirit Health ay ang nag-iisang miyembro ng korporasyon o nag-iisang shareholder, pati na rin ang Dignity Community Care, isang hindi pangkalakal na korporasyon sa Colorado.

² Ang isang Subsidiary ay tumutukoy sa isang organisasyon, alinman sa hindi pangkalakal o pangkalakal, kung saan ang isang Direktang Kasosyo ay may kapangyarihan na magtalaga ng limampung porsiyento (50%) o higit pa ng mga bumobotong miyembro ng namamahalang katawan ng nasabing organisasyon o hawak ang limampung porsiyento (50%) o higit pa ng mga karapatan na bumoto sa naturang organisasyon (bilang ebidensya ng mga kapangyarihan ng pagiging miyembro o mga seguridad na nagbibigay ng tiyak na awtoridad sa paggawa ng desisyon sa Direktang Kasosyo) o sa anumang organisasyon kung saan ang isang Subsidiary ay nagtataglay ng gayong kapangyarihan o mga karapatan sa pagboto.

MGA PRINSIPYO

Matapos matanggap ng mga pasyente ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ang mga serbisyo, ang Mga Pasilidad ng Ospital ay sisiningil ang mga pasyente/Tagagarantiya at naaangkop na mga nagbabayad nang tumpak at sa isang napapanahong paraan. Sa panahon ng proseso ng paniningil at pagkolekta na ito, magbibigay ang kawani ng de-kalidad na serbisyo sa customer at napapanahong pag-follow up, at lahat ng di-bayad na account ay hahawakan alinsunod sa lahat ng naaangkop na mga batas at regulasyon. Bilang karagdagan, kinakailangan ng mga pinahahalagahan ng CommonSpirit na ang lahat ng indibidwal ay tratuhin nang may paggalang at kahabagan. Tinukoy ng CommonSpirit ang ilang mga pagkilos na pagkolekta na sumasalungat sa mga pinahahalagahan ng organisasyon ng CommonSpirit at ipinagbawal ang paggamit nito sa anumang oras.

PAGLAPAT

A. Ang Polisiyang ito ay nalalapat sa:

- Lahat ng sinisingil para sa EMCare na ibinigay sa isang Pasilidad ng Ospital ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit.
- Ang lahat ng sinisingil para sa EMCare na ibinigay ng isang doktor o masulong ang trabahong clinician na nagtatrabaho sa isang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit, sa lawak na kung saan ang naturang pangangalaga ay ibinibigay sa loob ng isang Pasilidad ng Ospital.
- Ang lahat ng sinisingil para sa EMCare na ibinigay ng isang doktor o masulong ang trabahong clinician na nagtatrabaho ng isang Lubos na Nauugnay na Entidad na nangyayari sa loob ng isang Pasilidad ng Ospital.
- Ang Hindi Sagot na Kinakailangang Pangangalagang Medikal na ibinigay sa mga pasyente kung saan ang pasyente ang mananagot para sa mga sinisingil, tulad ng sinisingil para sa mga araw na lampas sa haba ng limitasyon sa pananatili o sa mga pangyayari kung saan naubos ang mga benepisyo ng pasyente.
- Ang anumang mga aktibidad sa pagkolekta at pagbawi na isinagawa ng Pasilidad ng Ospital o ng isang itinalagang provider ng mga serbisyo sa paniningil at pagkolekta (Itinalagang Provider), o ng mga ahente ng pagkolekta ng ikatlong partido ng isang Organisasyon ng Ospital para mangolekta ng mga halagang inutang para sa EMCare na inilarawan sa itaas. Ang lahat ng kasunduan ng ikatlong partido na namamahala sa naturang mga aktibidad sa pagkolekta at pagbawi ay dapat na may kasamang probisyon na nangangailangan ng pagsunod sa Patakaran na ito at pagbabayad para sa mga pagkabigo bilang resulta ng hindi pagsunod nito. Kasama rito, ngunit hindi limitado sa, mga kasunduan sa pagitan ng mga ikatlong partido na kasunod na nagbebenta o nagre-refer ng utang ng Pasilidad ng Ospital.

B. **Koordinasyon sa ibang batas**

Ang Probisyon ng Tulong Pinanasyal at paniningil at pagkolekta ng mga account ng pasyente ay maaaring ngayon o sa hinaharap ay mapailalim sa karagdagang regulasyon alinsunod sa mga batas pederal, estado o lokal. Ang nasabing batas ay namamahala hanggang sa abot na nagpapataw ito ng mas mahigpit na mga rekisito kaysa sa Patakaran na ito. Sa kaganapan na ang isang sumunod na pinagtibay na batas ng estado o lokal na direktang sumasalungat sa Patakaran na ito, ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay, pagkatapos ng

konsultasyon kasama ang lokal na kinatawan ng Ligal na Pangkat ng CommonSpirit, pamunuan ng Siklo ng Kita ng CommonSpirit, at pamunuan ng Buwis sa CommonSpirit, pahihintulutan na pagtibayin ang isang addendum sa Patakaran na ito bago ang susunod na siklo ng pagsusuri sa patakaran, na may kaunting pagbabago sa Patakarang ito kung kinakailangan para makamit ang pagsunod sa anumang naaangkop na mga batas.

MGA PRINSIPYO

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga billing statement, nasusulat na pakikipag-ugnayan, at mga tawag sa telepono, ang mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay magsisikap na ipaalam sa mga pasyente/Tagagarantiya ang kanilang mga responsibilidad sa pananalapi at magagamit na mga opsiyon sa Tulong sa Pananalapi, pati na rin ang pag-follow up sa mga pasyente/Tagagarantiya patungkol sa hindi nabayarang account. Bilang mga Katolikong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, ang mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay tinawag para matugunan ang mga pangangailangan ng mga pasyente at ng iba pa na humihingi ng pangangalaga, anuman ang kanilang mga kakayahang pinansyal para mabayaran ang mga serbisyong ibinibigay.

Panghuli, ang mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay itinalaga bilang mga pangkawanggawa (hal., walang bayad sa buwis) na mga organisasyon sa ilalim ng Seksiyon 501(c)(3) ng IRC. Alinsunod sa Seksiyon 501(r) ng IRC, bukod sa iba pang mga bagay, para manatiling walang bayad sa buwis, ang bawat Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay dapat gawin ang sumusunod tungkol sa mga pasyente na tumatanggap ng EMCare sa anumang Pasilidad ng Ospital:

- Limitahan ang mga halagang sinisingil sa mga indibidwal na karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi para sa EMCare na hindi hihigit sa Mga Halaga na Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB) sa mga indibidwal na may seguro na sumasagot sa naturang Pangangalaga;
- Ang sinisingil na mas mababa sa kabuuang sinisingil sa mga indibidwal na karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi para sa lahat ng iba pang pangangalagang medikal; at
- Hindi magsasagawa ng Mga Di-karaniwang Kilos sa Pagkolekta bago gumawa ang Pasilidad ng Ospital ng makatuwirang pagsisikap para matukoy kung ang indibidwal ay karapat-dapat para sa tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-003, *Tulong sa Pananalapi*.

MGA KAHULUGAN

Mga Halaga na Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB) ay nangangahulugang ang maximum na sinisingil ng isang pasyente na karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi sa ilalim ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi na ito ay personal na responsable para sa pagbabayad, pagkatapos ng lahat ng pagbawas at diskwento (kasama ang mga diskwento na magagamit sa ilalim ng Patakarang ito) ay inilapat at mas mababa sa anumang halagang binabayaran ng mga tagaseguro. Walang pasyente na karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi ang sisisingilin nang higit sa AGB para sa EMCare na ibinigay sa pasyente. Kinakalkula ng CommonSpirit ang AGB sa batayang Pasilidad-sa-Pasilidad na ginagamit ang pamamaraang "balik tanaw" sa pamamagitan ng pag-multiply ng "Gross Charges" para sa anumang EMCare na ibinibigay nito sa pamamagitan ng mga porsiyento ng AGB, na batay sa mga nakaraang paghahabol na pinapayagan sa ilalim ng Medicare at pribadong seguro tulad ng nakasaad sa batas pederal. Ang "Gross Charges" para sa mga

hangaring ito ay nangangahulugang ang halagang nakalista sa chargemaster ng bawat Pasilidad ng Ospital para sa bawat serbisyo ng EMCare.

Panahon ng Aplikasyon ay nangangahulugang ang oras na ibinigay sa mga pasyente ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit para punan ang aplikasyon para sa Tulong sa Pananalapi Mapapaso ito sa kalaunan ng (i) 365 araw mula sa paglabas ng pasyente sa Pasilidad ng Ospital o sa petsa ng EMCare ng pasyente, o (ii) 240 araw mula sa petsa ng unang bayarin pagkatapos lumabas para sa natanggap na EMCare sa isang Pasilidad ng Ospital.

Emergency na Pangangalagang Medikal, EMTALA - Ang sinumang pasyente na naghahanap ng pangangalaga para sa isang pang-emergency na kondisyong medikal na nasa loob ng kahulugan ng Seksiyon 1867 ng Social Security Act (42 U.S.C. 1395dd) sa isang Pasilidad ng Ospital ay tatraturhin nang walang diskriminasyon at walang pag-alintana sa kakayahan ng pasyente na magbayad para sa pangangalaga. Bukod dito, ang anumang pagkilos na pumipigil sa mga pasyente na kumuha ng EMCare, kasama, ngunit hindi limitado sa, paghingi ng bayad bago ang paggamot o pinapayagan ang pagkolekta ng utang at mga aktibidad sa pagbawi na nakakagambala sa pagbibigay ng EMCare, ay ipinagbabawal. Ang Mga Pasilidad ng Ospital ay dapat ding gumana alinsunod sa lahat ng rekisitong pederal at estado para sa pagbibigay ng pangangalaga na nauugnay sa mga pang-emergency na kondisyong medikal, kasama ang mga kinakailangan sa pag-screen, paggamot at paglilipat sa ilalim ng batas pederal na Pang-emergency na Medikal na Paggamot at Paggawa (Emergency Medical Treatment and Labor Act, EMTALA) at alinsunod sa 42 CFR 482.55 (o anumang regulasyon na hahalili). Ang Mga Pasilidad ng Ospital ay dapat kumunsulta at gabayan ng anumang Patakarang ng CommonSpirit EMTALA, mga regulasyon ng EMTALA, at naaangkop na Mga Kondisyon ng Paglahok ng Medicare/Medicaid sa pagtukoy kung ano ang bumubuo ng isang emergency na kondisyong medikal at ang mga proseso na susundan na may paggalang sa bawat isa.

Mga Di-karaniwang Kilos sa Pagkolekta (Extraordinary Collection Action, ECA) - Ang Pasilidad ng Ospital ay hindi sasali sa mga ECA laban sa isang indibidwal bago gumawa ng isang makatuwirang pagsisikap para matukoy ang pagkakarapat-dapat sa ilalim ng FAP ng Pasilidad ng Ospital. Maaaring kasama sa isang ECA ang alinman sa mga sumusunod na aksiyon na ginawa sa pagsisikap na makakuha ng bayad sa isang bayarin para sa pangangalaga:

- Ang pagbebenta ng utang ng isang indibidwal sa ibang partido maliban sa malinaw na ibinigay ng batas pederal; at
- Pag-uulat ng salungat na impormasyon tungkol sa indibidwal sa mga kagarawan ng kredito ng mamimili.

Hindi kasama sa mga ECA ang anumang lien na kung saan ay may karapatang maghahabol ang isang Pasilidad ng Ospital sa ilalim ng batas ng estado para sa mga nalikom ng isang paghuhusga ng pagsasaayos o kompromiso na utang ng isang indibidwal (o ng kaniyang kinatawan) bilang isang resulta ng mga personal na pinsala na kung saan ang Pasilidad ay nagbigay ng pangangalaga.

Tulong sa Pananalapi ay nangangahulugan ng tulong na ibinigay sa mga pasyente kung saan ito ay magiging isang pinansyal na paghihirap para buong mabayaran ang inaasahang gastos mula sa sariling bulsa para sa EMCare na ibinigay sa isang Pasilidad ng Ospital at na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagkakarapat-dapat para sa naturang tulong. Ang Tulong sa Pananalapi ay inaalok sa mga nakasegurong pasyente sa abot ng pinapayagan sa ilalim ng kontrata ng tagapagbigay ng seguro ng pasyente.

Ang **Patakaran sa Tulong sa Pananalapi (FAP)** ay nangangahulugang Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-003, *Tulong sa Pananalapi*, na naglalarawan sa programa ng Tulong sa Pananalapi ng CommonSpirit, kasama ang mga pamantayan na dapat matugunan ng mga pasyente/Tagagarantiya para maging karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi pati na rin ang proseso kung saan maaaring mag-apply ang mga indibidwal para sa Tulong sa Pananalapi.

Tagagarantiya ay nangangahulugang isang indibidwal na ligal na responsable para sa pagbabayad ng sinisingil sa pasyente.

Pasilidad ng Ospital (o Pasilidad) ay nangangahulugang isang pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan na Kinakailangan ng estado na maging lisensyado, nakarehistro o katulad na pagkilala bilang isang ospital at na pinapatakbo ng isang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit. Sa pagtukoy sa pagganap ng mga aktibidad sa paniningil at pagkolekta, ang terminong "Pasilidad ng Ospital" ay maaari rin na isama ang isang Itinalagang Provider.

Medikal Na Kinakailangang Pangangalaga ay nangangahulugang anumang pamamaraan na makatuwirang napagpasyahan (ng isang provider) na kinakailangan para maiwasan, masuri, iwasto, mapagaling, mapagaan, o maiwasan ang paglala ng anumang kondisyon, karamdaman, pinsala o sakit na naglalagay sa panganib ng buhay, sanhi ng pagdurusa o sakit, na nagreresulta sa karamdaman o kahinaan, nagbabanta para maging sanhi o magpalala ng isang kapansanan, o maging sanhi ng pisikal na depormasyon o pagkasira, o para mapabuti ang paggana ng isang depormadong bahagi ng katawan, kung walang iba pang pantay na mabisa, mas konserbatibo o mas mura na paraan ng paggamot na magagamit. Hindi kasama sa Medikal Na Kinakailangang Pangangalaga ang pinili o kosmetikong pamamaraan lamang para mapabuti ang ganda ng isang normal, o karaniwang gumagana, na bahagi ng katawan.

Panahon ng Abiso ay nangangahulugang ng 120 araw na panahon na nagsisimula sa petsa kung kailan ibinigay ng Pasilidad ng Ospital ang unang billing statement pagkatapos makalabas para sa EMCare. Ang isang Pasilidad ay pipigilan na makisali sa isang ECA sa Panahon ng Abiso, maliban kung nagawa ang mga makatuwirang pagsisikap para matukoy ang isang pasyente na karapat-dapat para sa Tulong Pinansyal.

Nagpapatakbo ng isang Pasilidad ng Ospital - Ang Isang Pasilidad ng Ospital ay itinuturing na pinatatakbo sa pamamagitan ng paggamit ng sarili nitong mga empleyado o sa pamamagitan ng pagkontrata sa nagpapatakbo ng Pasilidad sa ibang organisasyon. Ang isang Pasilidad ng Ospital ay maaari rin na patakbuhin ng isang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit kung ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay may kapital o interes sa kinikita sa isang entidad na binubuwisan bilang isang partnership na direktang nagpapatakbo ng isang Pasilidad ng Ospital na lisensyado ng estado o kung saan hindi direktang nagpapatakbo ng isang Pasilidad ng Ospital na lisensyado ng estado sa pamamagitan ng ibang entidad na binubuwisan bilang isang partnership.

Ipinangalagay na Tulong sa Pananalapi ay nangangahulugan ng pagtukoy sa pagkakarapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi na maaaring umasa sa impormasyong ibinigay ng mga ikatlong partido na vendor at iba pang magagamit na impormasyon sa publiko. Isang pagpapasiya na ang isang pasyente ay ipinalagay na karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi na magdudulot ng libre o may diskwentong EMCare para sa panhon kung kailan ang indibidwal ay ipinalagay na karapat-dapat. Basahin din ang Ipinangalagay na Pagiging Karapat-dapat sa Patakarang sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-003, *Tulong sa Pananalapi*.

Entidad na Malaki ang Ugnayan (Substantially-Related Entity) ay nangangahulugan, patungkol sa isang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit, na isang entidad na itinuturing bilang isang partnership para sa mga layuning pang-buwis pederal kung saan nagmamay-ari ang Organisasyon ng Ospital ng interes sa kapital o kinikita, o isang hindi pinapansin na entidad na kung saan ang Organisasyon ng Ospital ay nag-iisang miyembro o may-ari, na nagbibigay ng EMCare sa isang Pasilidad ng Ospital na lisensyado ng estado, maliban kung ang pagbibigay ng naturang pangangalaga ay isang walang kaugnayang kalakal o negosyo na inilarawan sa IRC Seksiyon 513 patungkol sa Organisasyon ng Ospital.

Ang pagsuspinde ng mga ECA kapag ang isang Application sa Tulong sa Pananalapi (FAA) ay Isinumite ay nangangahulugang ang isang Pasilidad (o iba pang pinahintulatang partido) ay hindi nagpapasimula ng isang ECA, o gumawa ng karagdagang aksiyon sa anumang dating pinasimulan na ECA, para makakuha ng pagbabayad para sa EMCare hanggang sa alinman:

- Natukoy ng Pasilidad kung ang indibidwal ay karapat-dapat sa FAP batay sa isang kumpletong aplikasyon sa FAP at natutugunan ang makatuwirang kinakailangan sa pagsisikap, na tinukoy dito, tungkol sa sinagutang FAA; o
- Sa kaso ng hindi kumpletong FAA, nabigo ang indibidwal na tumugon sa mga kahilingan para sa karagdagang impormasyon o dokumentasyon sa loob ng isang makatuwirang tagal ng panahon (tatlong (30) araw) na ibinigay para tumugon sa mga naturang kahilingan.

Walang seguro ay nangangahulugang isang indibidwal na hindi protektado ng ikatlong partido ng isang komersiyal na tagaseguro ng ikatlong partido, isang plano ng ERISA, isang Pederal na Programa sa Pangangalaga ng Kalusugan (kabilang nang walang limitasyon ang Medicare, Medicaid, SCHIP at TRICARE), Kompensasyon sa Manggagawa, o iba pang tulong ng ikatlong partido para tulungan sa pagtugon sa kaniyang mga obligasyon sa pagbabayad.

Kulang sa seguro ay nangangahulugang isang indibidwal na may proteksiyon ng pribado o pampubliko na seguro, ngunit magiging isang pinansyal na paghihirap na buong mabayaran ang inaasahang mga gastos mua sa sariling bulsa para sa EMCare na sagot ng Patakarang ito.

MGA KASANAYAN SA PANININGIL

Susundin ng mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ang karaniwang mga pamamaraan sa pagkolekta ng mga account na nauugnay sa EMCare na ibinigay sa isang Pasilidad ng Ospital ng CommonSpirit tulad ng sumusunod:

A. Paniningil sa Seguro

- Para sa lahat ng nakasegurong pasyente, ang Mga Pasilidad ng Ospital ay maniningil sa mga naaangkop na nagbabayad na ikatlong Partido (batay sa impormasyong ibinigay o na-verify ng pasyente/Tagagarantiya, o angkop na napatunayan mula sa iba pang mga mapagkukunan) sa isang napapanahong paraan.
- Kung ang isang wastong paghahabol ay tinanggihan (o hindi naproseso) ng nagbabayad dahil sa pagkakamali ng isang Pasilidad ng Ospital, ang Pasilidad ng Ospital ay hindi sisiningil ang pasyente para sa anumang halagang higit sa kung ano ang dapat bayaran ng pasyente kung nabayaran na ng nagbabayad ang paghahabol.
- Kung ang isang balidong paghahabol ay tinanggihan (o hindi naproseso) ng nagbabayad dahil sa mga kadahilanang wala sa kontrol ng Pasilidad ng Ospital, susundan ng kawani ang nagbabayad at pasyente kung naaangkop para mapadali ang paglutas ng paghahabol. Kung ang resolusyon ay hindi nangyari pagkatapos ng makatuwirang pagsisikap na pagsunod, ang Mga Pasilidad ng Ospital ay maaaring sinisingil ang pasyente o gumawa ng iba pang mga pagkilos na naaayon sa mga kontrata ng nagbabayad.

B. Paniningil ng Pasyente

- Ang lahat ng pasyente/Tagagarantiya ay sinisingil nang direkta at napapanahon at makakatanggap ng isang pahayag bilang bahagi ng normal na proseso ng paniningil ng Pasilidad ng Ospital.
- Para sa mga nakasegurong pasyente, pagkatapos maproseso ang mga paghahabol ng lahat ng magagamit na mga nagbabayad na ikatlong partido, ang Mga Pasilidad ng Ospital ay sinisingil ang mga pasyente/Tagagarantiya sa isang napapanahong paraan para sa kani-kanilang mga halaga ng pananagutan na tinutukoy ng kanilang mga benepisyo sa seguro.
- Ang lahat ng pasyente/Tagagarantiya ay maaaring sa anumang oras ay humiling, at ang Pasilidad ng Ospital ay magbibigay, ng isang naka-item na pahayag para sa kanilang mga account.
- Kung pinagtatalunan ng isang pasyente ang kaniyang account at humihiling ng dokumentasyon tungkol sa sinisingil, ibibigay ng kawani ang hiniling na dokumentasyon nang pasulat sa loob ng sampung (10) araw (kung maaari) at isasantabi ang account nang hindi bababa sa tatlung (30) araw bago i-refer ang account para sa pagkolekta.
- Aaprubahan ng Mga Pasilidad ng Ospital ang mga pagsasaayos ng plano sa pagbabayad para sa mga pasyente/Tagagarantiya na nagpapahiwatig na nahihirapan silang bayaran ang kaniyang balanse nang hulugan.
- Ang pamunuan ng Revenue Cycle ay may awtoridad na gumawa ng mga pagbubukod sa pagkakaloob na ito sa bawat batayan sa bawat kaso para sa mga espesyal na pangyayari (alinsunod sa mga pamamaraan ng pagpapatakbo).
- Ang mga Pasilidad ng Ospital ay hindi kinakailangan tanggapin ang mga pagsasaayos ng pagbabayad na pinasimulan ng pasyente at maaaring mag-refer ng mga account sa isang ahensiya ng pagkolekta ng ikatlong partido tulad ng nakabalangkas sa ibaba kung ang pasyente ay hindi nakapagbayad sa isang itinakdang plano sa pagbabayad.

C. Mga Kasanayan sa Pagkolekta

- Anumang mga aktibidad sa pagkolekta na isinagawa ng Pasilidad, isang Itinalagang Provider, o ang mga ahente ng pangongolekta ng ikatlong partido nito ay umaayon sa lahat ng batas sa pederal at estado na namamahala sa mga kasanayan sa pagkolekta ng utang.

- Ang lahat ng pasyente/Tagagarantiya ay magkakaroon ng pagkakataong makipag-ugnayan sa Pasilidad ng Ospital patungkol sa Tulong Pinansyal, mga pagpipiliang plano sa pagbabayad, at iba pang mga naaangkop na programa na maaaring magamit patungkol sa kanilang mga account, tulad ng ibinigay sa Addendum A.
 - Ang FAP ng isang Pasilidad ng Ospital ay magagamit nang libre.
 - Ang mga indibidwal na may mga katanungan tungkol sa FAP ng isang Pasilidad ng Ospital ay maaaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng pinansyal na pagpapayo sa pamamagitan ng telepono o sa personal.
- Sa pagsunod sa mga nauugnay na batas ng estado at pederal, at alinsunod sa mga probisyon na nakabalangkas sa Patakarang ito, ang Mga Pasilidad ng Ospital ay maaaring makisali sa mga aktibidad sa pagkolekta, kabilang ang Mga Pinapayagan na ECA, para mangolekta ng natitirang balanse ng pasyente.
 - Ang mga pangkalahatang aktibidad sa pagkolekta ay maaaring may kasamang mga tawag sa telepono, pahayag, at iba pang makatuwirang pagsisikap alinsunod sa karaniwang mga kasanayan sa industriya.
 - Ang mga balanse ng pasyente ay maaaring i-refer sa isang ikatlong partido para sa pagkolekta sa paghuhusga ng Pasilidad at sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na walang diskriminasyon na kasanayan sa pederal, estado, at lokal. Pananatilihin ng Pasilidad ang pagmamay-ari ng anumang utang na tinutukoy sa mga ahensiya ng pagkolekta ng utang, at ang mga account ng pasyente ay ire-refer lamang para sa pagkolekta kasama ang mga sumusunod na pahiwatig:
 - Mayroong makatwirang batayan para maniwala na ang pasyente ay may utang.
 - Ang lahat ng nagbabayad na ikatlong partido na kinilala ng pasyente/Tagagarantiya sa isang mabilis at napapanahong paraan na maayos na siningil, at ang natitirang utang ay pinansyal na responsibilidad ng pasyente. Ang Mga Pasilidad ng Ospital ay hindi dapat sinisingil ang isang pasyente para sa anumang halagang obligadong bayaran ng kompanya ng seguro o ikatlong partido.
 - Ang Mga Pasilidad ng Ospital ay hindi magre-refer ng mga account para sa pagkolekta habang ang isang paghahabol sa account ay may nakabinbin na pagbabayad mula sa isang nagbabayad na ikatlong partido. Gayunpaman, ang mga paghahabol na mananatili sa katayuang "nakabinbin" sa isang nagbabayad na ikatlong partido para sa isang hindi makatwirang tagal ng panahon sa kabila ng mga pagsisikap na mapadali ang resolusyon ay maaaring uriin muli bilang "tinanggihan."
 - Ang Mga Pasilidad ng Ospital ay hindi magre-refer ng mga account para sa pagkolekta kapag ang paghahabol ng seguro ay tinanggihan dahil sa isang pagkakamali sa Pasilidad ng Ospital. Gayunpaman, ang isang Pasilidad ng Ospital ay maaari pa rin na mag-refer sa bahagi ng pananagutan ng pasyente ng naturang mga paghahabol para sa pagkolekta kung hindi nabayaran.
 - Ang Mga Pasilidad ng Ospital ay hindi magre-refer ng mga account para sa pagkolekta kung saan ang pasyente ay paunang nag-apply para sa Tulong Pinansyal, at ang Pasilidad ng Ospital ay hindi pa gumawa ng makatuwirang pagsisikap (tulad ng tinukoy sa ibaba) na patungkol sa account.
 - Sa pagtanggap ng isang abiso ng Paglabas ng Pagkalugi, ititigil ng mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ang lahat ng pagtatangka sa pagkolekta, kabilang ang pagtatalaga sa isang ahensiya ng pagkolekta. Ang pasyente/may utang ay hindi kokontakin sa anumang pamamaraan, kabilang ang mga tawag sa telepono, liham, o pahayag pagkatapos matanggap ang abiso. Ang lahat ng komunikasyon, kung kinakailangan, ay dapat mangyari sa tagapangasiwa o abogado na nakatalaga sa kaso.

- Walang Pasilidad ang magpapadala ng anumang hindi binayarang sariling-bayad na account sa isang ahente ng pagkolekta ng ikatlong partido hangga't ang pasyente o Tagagarantiya ay nakikisali sa Mga Pamantayan sa Pakikipagtulungan sa Pasyente, tulad ng tinukoy sa Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-003, *Tulong Pinansyal*.

MAKATWIRANG PAGSISIKAP AT MGA HINDI PANGKARANIWANG AKSIYON SA PAG-KOLEKTA

Bago makilahok sa mga ECA para makakuha ng bayad para sa EMCare, ang Mga Pasilidad ng Ospital ay dapat gumawa ng makatuwirang pagsisikap para matukoy kung ang isang indibidwal ay karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi. Walang kaganapan na sisimulan ang isang ECA bago ang 120 araw (o mas mahaba, kung kinakailangan ng naaangkop na batas) mula sa araw na ibigay ng Pasilidad ang unang billing statement pagkatapos makalabas (hal., sa Panahon ng Pag-abiso) maliban kung ang lahat ng makatuwirang pagsisikap ay nagawa na. Inilalarawan ng mga sumusunod na sitwasyon ang makatuwirang pagsisikap na dapat gawin ng isang Pasilidad bago makilahok sa mga ECA.

A. Paglahok sa mga ECA - Kinakailangan sa Abiso

- Patungkol sa anumang EMCare na ibinigay sa Pasilidad, dapat abisuhan ang isang pasyente tungkol sa FAP na inilarawan dito, bago simulan ang isang ECA. Ang kinakailangan sa pag-abiso ay ang mga sumusunod:
 - **Liham ng Abiso** - Ang Pasilidad ng Ospital ay mag-aabiso sa isang pasyente tungkol sa FAP sa pamamagitan ng pagbibigay sa indibidwal ng isang nasusulat na abiso (Liham ng Abiso) nang hindi bababa sa tatlung (30) araw bago simulan ang isang ECA. Ang Liham ng Abiso ay dapat na:
 - May kasamang isang buod na nasa simpleng wika ng FAP;
 - Tinutukoy na ang Tulong sa Pananalapi ay magagamit para sa mga karapat-dapat na indibidwal; at
 - Kilalanin ang (mga) ECA na nais simulan ng Pasilidad ng Ospital (o iba pang pinahintulatang partido) para makakuha ng bayad para sa EMCare kung ang halaga na dapat bayaran ay hindi nabayaran o ang isang FAA ay hindi isinumite bago ang isang tinukoy na deadline, na hindi mas maaga kaysa sa huling araw ng Panahon ng Pag-apply.
 - **Pasalitang Abiso** - Kasama ng pagkakaloob ng Liham ng Abiso, susubukan ng Pasilidad ng Ospital na ipaalam nang pasalita sa pasyente ang tungkol sa kung paano makakakuha ng tulong sa ilalim ng FAP sa panahon ng pagproseso ng pagpaparehistro, gamit ang pinakabagong numero ng telepono na ibinigay ng pasyente. Ang pagtatangka na ito ay idodokumento nang magkakasabay.
 - **Pag-abiso sa Kaganapan ng Maramihang Mga Yugto ng Pangangalaga** - Maaaring masiyahan ng Pasilidad ng Ospital ang kinakailangang sa abisong ito nang sabay-sabay para sa maraming yugto ng EMCare at abisuhan ang indibidwal tungkol sa ECA na nilalayon ng Pasilidad na kuhanin ang pagbabayad para sa maraming natitirang bayarin para sa EMCare. Gayunpaman, kung pinagsama-sama ng Pasilidad ang natitirang mga bayarin ng isang indibidwal para sa maraming yugto ng EMCare bago simulan ang isa o higit pang mga ECA para makakuha ng bayad para sa mga bayarin na iyon, hindi ito nakagawa ng makatuwirang pagsisikap para matukoy kung ang indibidwal ay karapat-dapat sa FAP maliban kung hindi ito pipigilan na simulan ang (mga) ECA hanggang 120 araw pagkatapos ng unang billing statement matapos makalabas para sa pinakabagong yugto ng EMCare na kasama sa pagsasama-sama.

B. Makatuwirang Mga Pagsisikap kapag Ang isang Pasyente ay Nagsumite ng isang Hindi Kumpletong FAA

- Sususpindihin ng Pasilidad ng Ospital ang anumang mga ECA na sinimulan na laban sa pasyente/Tagagarantiya hanggang sa matukoy ang pagkakarapat-dapat sa Tulong sa Pananalapi.
- Ang Pasilidad ng Ospital ay magbibigay ng isang nasusulat na abiso sa pasyente na may listahan ng kinakailangang dokumentasyon na dapat ibigay ng pasyente o Tagagarantiya para isaalang-alang na kumpleto na ang FAA at bibigyan ang pasyente ng tatlumpung (30) araw para ibigay ang kinakailangang impormasyon. Kasama sa abiso ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kabilang ang numero ng telepono at lokasyon ng pisikal ng Pasilidad o departamento sa loob ng Pasilidad na maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa at makakatulong sa paghahanda ng FAP.

C. Makatuwirang Mga Pagsisikap Kapag Naisumite ang Isang Napunang FAA

- Kung ang isang pasyente ay nagsumite ng isang napunang FAA sa panahon ng Aplikasyon, ang Pasilidad ng Ospital ay dapat na:
 - Suspindihin ang anumang mga ECA para makakuha ng bayad para sa EMCare.
 - Gumawa ng pagpapasiya kung ang indibidwal ay karapat-dapat sa FAP para sa EMCare at abisuhan ang indibidwal nang pasulat ng pagpapasiya sa pagkakarapat-dapat (kasama, kung naaangkop, ang tulong kung saan karapat-dapat ang indibidwal) at ang batayan para sa pagpapasiyang ito.
 - Kung tinutukoy ng Pasilidad ng Ospital na ang indibidwal ay karapat-dapat sa FAP para sa EMCare, dapat gawin ng Pasilidad ng Ospital ang mga sumusunod:
 - I-refund sa indibidwal ang anumang halagang binayaran niya para sa EMCare (maging sa Pasilidad ng Ospital o anumang iba pang partido na tinukoy o ipinagbili ng Pasilidad ng Ospital ang utang ng indibidwal para sa EMCare) na humigit sa halagang tinukoy niyang maging personal na responsibilidad para sa pagbabayad bilang isang indibidwal na karapat-dapat sa FAP.
 - Gawin ang lahat ng makatuwirang magagamit na mga hakbang para baligtarin ang anumang ECA, kabilang ang pagtanggap ng anumang masamang impormasyon na naiulat sa isang ahensiya ng pag-uulat ng mamimili o kawanihan ng kredito mula sa ulat sa kredito ng indibidwal.
 - Kung tinukoy ng Pasilidad ng Ospital na ang indibidwal ay hindi karapat-dapat sa FAP para sa EMCare, ang Pasilidad ay gumawa ng makatuwirang pagsisikap at maaaring makisali sa Mga Pinapayagan na ECA.

D. Makatuwirang Mga Pagsisikap kapag Walang FAA na Isinumite sa loob ng siyamnapung (90) araw pagkatapos ng Unang Pahayag ng Paniningil Pagkatapos Palabasin para sa Pinakabagong Yugto ng EMCare

- Ang Pasilidad ay maglalabas ng Liham ng Abiso tulad ng inilarawan sa ilalim ng Makatuwirang Mga Pagsisikap - Pakikilahok sa mga ECA - Kinakailangan sa Notipikasyon. Kung walang natanggap na FAA sa loob ng tatlumpung (30) araw pagkatapos maipadala ang Liham ng Abiso, ang kinakailangan para makisali sa makatuwirang pagsisikap para matukoy ang pagkakarapat-dapat sa FAP ay natugunan na. Sa gayon, ang Pasilidad ng Ospital ay maaaring makisali sa mga ECA na pinahihintulutan sa ilalim ng Patakarán na ito na nagsisimula 120 araw pagkatapos ng unang billing statement pagkatapos ng paglabas.

- **Waiver** - Walang pagkakataon na ang Pasilidad ng Ospital ay tatanggap mula sa sinumang indibidwal ng isang waiver, pasalita mano pasulat, na ang isang indibidwal ay hindi nagnanais na mag-apply para sa Tulong sa Pananalapi, para sa hangarin na masiyahan ang mga kinakailangan para makisali sa makatuwirang pagsisikap na inilarawan sa Patakaran na ito.

E. Pinapayagang Mga Aksiyon sa Hindi Pangkaraniwang Pagkolekta

- Matapos gawin ang makatuwirang pagsisikap, na kinabibilangan ng kinakailangang abiso, para matukoy ang pagkakarapat-dapat sa Tulong sa Pananalapi na nakabalangkas sa itaas, ang isang Pasilidad ng Ospital (o iba pang pinahintulatang partido) ay maaaring makisali sa mga sumusunod na ECA para makakuha ng bayad para sa EMCare:
 - Ang pagbebenta ng utang ng isang indibidwal sa ibang partido maliban sa malinaw na ibinigay ng batas pederal; at
 - Pag-uulat ng salungat na impormasyon tungkol sa indibidwal sa mga kagarawan ng kredito ng mamimili.

Ang isang Pasilidad ng Ospital ay pipigilan mula sa ECA laban sa isang pasyente kung magbibigay siya ng dokumentasyon na nag-apply siya para sa saklaw ng pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng Medicaid, o iba pang mga programa sa pangangalaga na ini-sponsor ng publiko, maliban kung o hanggang sa ang pagkakarapat-dapat ng indibidwal para sa naturang mga programa ay natukoy na at ang anumang magagamit na proteksiyon mula sa mga ikatlong partido para sa EMCare ay siningil na at naproseso.

F. Makatuwirang Mga Pagsisikap - Mga Kasunduan sa Ikatlong Partido

- Patungkol sa anumang pagbebenta o pagsangguni ng utang ng isang indibidwal na nauugnay sa EMCare sa ibang partido (maliban sa mga benta ng utang na hindi itinuturing na isang ECA tulad ng inilarawan sa Mga Regulasyon sa Pananalapi ng Serbisyo sa Panloob na Kita) ang Pasilidad ng Ospital ay papasok sa at, sa lawak na naaangkop, magpapatupad ng isang ligal na nasusunod na nasusulat na kasunduan sa partido. Upang matugunan ang kinakailangan para makisali sa makatuwirang pagsisikap para matukoy ang pagkakarapat-dapat sa FAP ng isang indibidwal, ang mga kasunduang ito ay dapat, sa minimum, kasama ang mga sumusunod na probisyon:
 - Kung ang indibidwal ay nagsumite ng isang FAA (kumpleto man o hindi kumpleto) pagkatapos ng pag-refer o pagbebenta ng utang ngunit bago matapos ang Panahon ng Aplikasyon, Sususpindihin ng partido ang mga ECA para makakuha ng bayad para sa EMCare.
 - Kung ang indibidwal ay nagsumite ng isang FAA (kumpleto man o hindi kumpleto) pagkatapos ng pag-refer o pagbebenta ng utang ngunit bago matapos ang Panahon ng Aplikasyon at tinukoy na karapat-dapat sa FAP para sa EMCare, gagawin ng partido ang mga sumusunod sa isang napapanahong paraan:
 - Sumunod sa mga pamamaraan na tinukoy sa kasunduan at sa Patakaran na ito para ang indibidwal ay hindi magbayad, at walang obligasyong magbayad, ang partido at pasilidad sa Ospital na magkakasama ay higit sa kinakailangan niyang bayaran para sa EMCare bilang isang indibidwal na karapat-dapat sa FAP.
 - Kung naaangkop, at kung ang partido (kaysa sa Pasilidad sa Ospital) ay may awtoridad na gawin ito, gawin ang lahat ng makatuwirang magagamit na mga hakbang para baliktarin ang anumang ECA (maliban sa pagbebenta ng utang) na ginawa laban sa indibidwal.

- Kung ang ikatlong partidong kontratista ay tumutukoy o nagbebenta ng utang sa isang kasunod na partido (ang ika-apat na partido) sa panahon ng Pag-apply, ang ikatlong partido ay makakakuha ng isang nasusulat na kasunduan mula sa kasunod na partido kabilang ang lahat ng elemento na inilarawan sa ilalim ng seksiyon na ito.
- Ang ikatlong partidong kontratista ay dapat gumawa ng makatuwirang mga pagtatangka para makipagtulungan sa isang pasyente na may mga bayarin na hindi nabayaran para maresolba ang kaniyang account. Hindi pinahihintulutan ang agresibo o hindi etikal na mga kasanayan sa pagkolekta.

G. Makatuwirang Mga Pagsisikap - Pagbibigay ng Mga Dokumentong Elektroniko

- Ang isang Pasilidad ng Ospital ay maaaring magbigay ng anumang nasusulat na paunawa o komunikasyon na inilalarawan dito sa elektronikong paraan (halimbawa, sa pamamagitan ng email) sa sinumang indibidwal na nagpapahiwatig na mas gusto niyang makatanggap ng nasusulat na paunawa o elektronikong komunikasyon.

DOKUMENTASYON NG TULONG PINANSYAL

A. Pagpoproseso ng Mga Kahilingan

- Ang pinahahalagahan ng CommonSpirit na dignidad ng tao at pangangasiwa ay makikita sa proseso ng aplikasyon, pagpapasiya sa pangangailangan sa pananalapi, at pagbibigay ng tulong.
- Ang mga kahilingan para sa Tulong sa Pananalapi ay dapat iproseso kaagad, at ang Mga Pasilidad ng Ospital ay dapat ipagbigay-alam sa pasyente o aplikante sa pamamagitan ng sulat sa loob ng tatlung (30) hanggang animnapung (60) araw ng pagtanggap ng isang napunan na aplikasyon.
- Ang isang Pasilidad ng Ospital ay hindi gagawa ng pagpapasiya ng pagkakarapat-dapat sa impormasyon na mayroon itong dahilan para paniwalaan na mali o hindi maaasahan o nakuha sa pamamagitan ng paggamit ng mga kasanayang pamimilit.
- Kung naaprubahan ang pagkakarapat-dapat batay sa pagkumpleto ng isang FAA, ang pasyente ay bibigyan ng Tulong sa Pananalapi para sa lahat ng account na natamo para sa mga serbisyong natanggap sa nakaraang labindalawang (12) buwan bago ang petsa ng pagpapasiya.
- Kung naaprubahan ang pagkakarapat-dapat batay sa Ipinalagay na Pagkakarapat-dapat, ang Tulong sa Pananalapi ay ilalapat din sa lahat ng account na natamo para sa mga serbisyong natanggap sa nakaraang labindalawang (12) buwan bago ang petsa ng pagpapasiya. Ang Ipinalagay na Karapat-dapat na indibidwal ay hindi makakatanggap ng Tulong Pinansiyal para sa EMCare na ibinigay pagkatapos ng petsa ng pagpapasiya nang hindi nakumpleto ang isang FAA o isang bagong pagpapasiya ng Ipinalagay na Pagkakarapat-dapat.
- Kung tinanggihan ang pagkakarapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi na inaalok ng isang Pasilidad ng Ospital, ang isang pasyente o Tagagarantiya, ay maaaring muling mag-apply tuwing mayroong isang materyal na pagbabago sa kita o katayuan.
- Ang mga pasyente/Tagagarantiya ay maaaring humiling ng isang pagsusuri mula sa isang Pasilidad ng Ospital sa kaganapan ng isang pagtatalo sa paglalapat ng Patakaran na ito o ng FAP. Ang mga pasyente/Tagagarantiya na tinanggihan ng Tulong sa Pananalapi ay maaari ring i-apela ang pagpapasiya tungkol sa kanilang pagkakarapat-dapat, gaya ng nakasaad sa Addendum A.

- Ang batayan para sa pagtatalo o apela ay dapat na nasusulat at naisumite sa loob ng tatlong (3) buwan ng desisyon sa pagkakarapat-dapat sa Tulong Pinansyal.
- Ipagpapaliban ng Pasilidad ng Ospital ang anumang pagpapasiya ng pagkakarapat-dapat sa FAP sapagkat hinihintay ng Pasilidad ng Ospital ang mga resulta ng isang aplikasyon ng Medicaid.

B. Ipinalagay na Tulong sa Pananalapi

- Ang mga makatuwirang pagsisikap para matukoy ang pagkakarapat-dapat sa FAP ay hindi kinakailangan kapag ang isang indibidwal ay tinutukoy na karapat-dapat para sa Ipinalagay na Tulong sa Pananalapi.
- **Medicaid** - Ang mga pasyenteng Medicaid na makakatanggap ng mga hindi saklaw na kinakailangang serbisyong medikal ay isasaalang-alang para sa Ipinalagay na Tulong sa Pananalapi. Ang Tulong sa Pananalapi ay maaaring maaprubahan sa mga pagkakataon bago ang petsa ng pagkabisang Medicaid.

RESPONSIBILIDAD

Ang pamunuan ng Revenue Cycle ng CommonSpirit ay responsable para sa pagtukoy kung ang isang Pasilidad ng Ospital ay gumawa ng makatuwirang pagsisikap para matukoy kung ang isang indibidwal ay karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi. Ang katawang ito ay mayroon din na pangwakas na awtoridad sa pagpapasya kung ang Organisasyon ng Ospital ay maaaring magpatuloy sa alinman sa mga ECA na nakabalangkas sa Patakaran na ito.

MGA SANGGUNIAN

Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-003, *Tulong sa Pananalapi*

APRUBADO NG LUPON NG COMMONSPIRIT HEALTH: Marso 17, 2021